mong tanggapin ang kaligtasan mula kay Cristo para sa iyong kasalanan, subalit hindi mo pa nagagawa ang hakbang na ito. Hinihikayat kita, lumapit ka kay Cristo ngayon. Kahit ikaw pa ay nagkasala ng napakalaki, LUMAPIT KA; kahit matagal mo nang nilalabanan ang mga paalala, gabay, at pangaral sa iyo, LUMAPIT KA; kahit pa nasangkot ka sa lahat ng uri ng kasamaan at hindi mo napahalagahan ang buhay, LUMAPIT KA; ang pinto ay hindi pa nakasara. Inaanyayahan ka ni Jesu-Cristo na LUMAPIT NGAYON!

LUMAPIT KA AT IKAW AY MALILIGTAS

Ang ibig sabihin ng maligtas ay ang maialis mula sa kapangyarihan ng kasalanan sa pangkasalukuyang buhay, sa pamamagitan ng pagtanggap ng isang bagong kalikasan sa pamamagitan ng Espiritu ni Cristo. Ang ibig sabihin ng maligtas ay ang mapalaya mula sa nakamumuhing pagkakaalipin sa kasalanan, sa mundo, at sa demonyo, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bagong kalikasan mula sa Banal na Espiritu. Kung kaya ang sinuman na may pagbabago na ng kaisipan at ng espiritu ay isa nang ligtas na kaluluwa. Hindi na siya mapapahamak. Makakapasok na siya sa maluwalhating kaharian ng Diyos.

Ang kahulugan ng kaligtasan ay ang mapatawad at hindi na maparusahan pa sa Araw ng Paghuhukom. Ito ang paggawad sa isang tao na siya'y pinawalang-sala na, wala nang bahid ng karumihan, walang kapintasan, at ganap na kay Cristo; samantala, ang iba ay ipapahayag na may sala at hahatulan ng kaparusahan sa magpawalang hanggan. Ang kahulugan ng kaligtasan ay ang marinig ang mga salitang "Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama!" (Mateo 25:34 RTPV). Samantala, ang maririnig ng iba ay ang nakakatakot na mga salitang "Lumayo kayo sa harapan ko! Isinumpa kayo…" (Mateo 25:41RTPV).

"'Halikayo at tayo'y magpaliwanagan," sabi ni Yahweh. Gaano man kapula ang inyong mga kasalanan, kayo'y aking papuputiin, tulad ng yelo o bulak.'" (Isaias 1:18 RTPV). "Sinasabi ng Espiritu at ng babaing ikakasal, 'Halikayo!' Lahat ng nakakarinig nito ay magsabi rin, 'Halikayo!' Lumapit ang sinumang nauuhaw; kumuha ang may gusto ng tubig na nagbibigay-buhay; ito'y walang bayad" (Pahayag 22:17 RTPV).

PANALANGIN

Ama naming nasa langit, alam ko po na ako ay nagkasala at nangangailangan ng Inyong kapatawaran. Naniniwala ako na namatay ang Inyong Anak na si Jesu-Cristo sa krus para sa akin. Nakahanda po akong magsisi at talikuran na ang aking mga kasalanan. Buong pananampalataya ko pong inaanyayahan ngayon ang Panginoong Jesus na pumasok sa aking puso at buhay bilang sarili kong Tagapagligtas. Nakahanda po ako ngayon, sa Inyong tulong at biyaya, na sumunod kay Jesus bilang Panginoon ng aking buhay. Amen.

Para sa karagdagang tulong pang-espirituwal o dagdag na sipi ng babasahing ito, maaaring sumulat sa:

SOWERS OF THE WORD MINISTRIES
PO BOX 1074, MAKATI CENTRAL
POST OFFICE

"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatang lubha sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ng kapahingahan." (Mateo 11:28 RTPV)

Ang pinagmumulan ng paanyayang ito sa iyo ay walang iba kung hindi ang pinakadakila at pinakamatalik na Kaibigang maaari mong makikilala sa iyong buong buhay. Siya ang Panginoong Jesu-Cristo, ang walang hanggang Anak ng Diyos. Siya ang bukod-tanging Tagapamagitan sa Diyos at sa tao. Gayon na lamang ang pagmamahal Niya sa sangkatauhan kung kaya Siya ang nagbayad ng ating napakalaking pagkakautang sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus ng Kalbaryo.

Siya ang makapangyarihan sa lahat. Siya ang Diyos Anak. Nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Hawak Niya ang susi ng kamatayan at ng impiyerno. Siya ang hinirang na Tagapamagitan sa Diyos at sa tao. Darating ang araw na Siya ang magiging Hukom at Hari ng buong daigdig. Kapag ang isang tulad Niya ang nangusap, maaari nating ibigay ang ating tiwala sa Kanya ng may buong kapanatagan.

Dahil sa Kanyang pag-ibig sa iyo, inaanyayahan ka Niyang LUMAPIT SA KANYA, at ikaw ay Kanyang bibigyan ng kapahingahan. Kung nadarama mo ang kabigatan ng iyong mga kasalanan, sinasabi sa iyo ni Jesus, "LUMAPIT KA SA AKIN".

Bigyang-pansin na hindi Niya sinasabing paghirapan mo ang iyong kaligtasan. Hindi Niya sinasabing dapat mong bayaran ang iyong kaligtasan. Hindi ka rin Niya pinapapunta sa sinumang ibang tao para sa iyong kaligtasan. Ang paanyaya Niya sa iyo ay, "LUMAPIT KA SA AKIN". At ipinapangako Niya na, ". . . hinding-hindi ko itataboy kailanman ang sinumang lumalapit sa akin" (Juan 6:37 RTPV).

ANG LUGAR NA TINATAWAG NA KALBARYO

"Nang dumating sila sa isang bundok na tinatawag na Bungo, ipinako nila si Jesus sa krus. Ipinako rin ang dalawang kriminal, isa sa kanyang kanan at isa sa kaliwa. [Sinabi ni Jesus, 'Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.'] (Lucas 23:33-34 RTPV). "At sinabi pa nito, 'Jesus, alalahanin mo ako kapag naghahari ka na.' Sumagot si Jesus, 'Sinasabi ko sa iyo, isasama kita ngayon sa Paraiso.'" (Lucas 23:42-43 RTPV).

Nang oras ding iyon ay magkakasamang nakapaligid sa krus ng Kalbaryo sina Maria na ina ni Jesus, si Juan ang alagad na minamahal Niya, si Maria Magdalena, at ang iba pang tao. Ang katabing kriminal ni Jesus ay hindi nangusap sa sinuman sa kanila. Tanging kay Jesus lamang siya nanalangin, ang bukod-tanging Tagapamagitan sa Diyos at sa tao. Lumapit siya kay Jesus, at binigyan siya ni Jesus ng kapahingahan, at gayon din ng lahat ng pagpapala ng kaligtasan.

Ang tunay na Kristiyano ay siyang taong nagkaroon ng buhay na pakikipag-ugnayan sa Panginoong Jesus bilang kanyang sariling Tagapagligtas. Siya ay namumuhay ng may pananamapalataya at pagtitiwala kay Jesus. Malaya siyang nangungusap, nakikipagniig, humihingi ng lakas, naglilingkod, at nagmamahal kay Jesus habang kanyang inaantay ang muling pagbabalik ng Panginoong Jesus. Sabi ni San Pablo, "At habang ako'y nabubuhay pa sa katawang-lupa, mamumuhay ako sa pananalig sa Anak ng Diyos. . ." (Galacia 2:20 RTPV). Kung mayroong tunay na pananampalataya at pagtitiwala, tiyak na makikilala mo si Jesus bilang iyong tunay na Kaibigan.

ANG KAPAHINGAHAN NA IPINAGKAKALOOB NI JESUS

Ang kapahingahan na ipinagkaloob ni Cristo ay panloob at espirituwal na kapahingahan. Ito ay kapahingahan ng puso, kapahingahan ng budhi, kapahingahan ng pag-iisip, at kapahingahan ng kalooban. Ito nga ay kapahingahan, sapagkat ang iyong mga kasalanan ay napatawad nang lahat. Ito ang kapahingahang ipinagkakaloob ng Panginoong Jesus sa lahat ng lumalapit sa Kanya, sa pamamagitan ng Kanyang ginawa sa krus, sa pagsusuot sa kanila ng baluting ganap at pagkamatuwid, at paghuhugas sa kanila ng Kanyang sariling banal na dugo. Kapag napag-alaman na ng tao at lubos niyang naunawaan na kung kaya namatay ang Anak ng Diyos sa krus ay para sa kanyang mga kasalanan, ang kanyang kaluluwa ay tunay ngang makalalasap ng kapayapaan.

Mayroong isang paraan lamang upang makatagpo ang ating kaluluwa ng kapahingahang walang hanggan. Huwag nawa natin itong makalimutan. Mayroon nag-iisang daan lamang patungo sa Ama - si Jesu-Cristo; iisang pintuan lamang patungo sa langit—si Jesu-Cristo; at iisa lamang ang daan patungo sa kapayapaan para sa iyong puso—si Jesu-Cristo.

Marahil habang binabasa mo ang babasahing ito ay nais